## Liwaliw sa Ilog ng Lobog, Bohol

Ilang araw pagkatapos lumabas sa “yungib”
ng Camp Crame
Sandaling dumalaw sa ilang bilanggong pulitikal,
narito tayo ngayon
Sakay sa bangkang may pangakong magdudulot
ng galak, lugod, saya—

Mahalinang awit ng ibon, kaakit-akit na bulaklak
sa pampang ng ilog
Lulan ng modernong paraw—karkado’y turistang dayuhan at
balikbayan—
Upang panoorin ang talon sa dulo ng pumupulupot
na ilog... umiikot...

Habang sa gitna ng lakbay, hayun ang daungan—
Ay, hindi,
Entablado o plataporma pala, tanghalan ng sayaw
at katutubong kariktan—
Hanap-buhay iyon ng mga nakatira sa baranggay
katabi ng ilog—

Aliw handog sa mga estrangherong naaakit
sa unggoy Tarsier,
Tsokolateng bundok, indayog ng mga lipi nina Dagohoy
at rebelde sa Jagna.
Kawili-wiling tanawin, ilog na humahagos
sa mapating na dagat...

Umaapaw ang tubig mula sa mabatong bundok
at gubat, sagitist ng alon—
Rumaragasang buhos—kay pusok, kay rahas
ng daluyong!
Sandaling nalimutan sa pagbaling at pagpihit
ng walang layag na paraw

Ang malaking bato sa bunganga ng yunigb,
bago umahon dito
At iangkla ang iginaod na panaginip ng dayang-dayang
sa isla ng Tawi-Tawi—
Paano ililiko ang daluyong upang maitulak
ang batong takip
At salubungin ang inabatang taga-ugit ng muling pagkabuhay?